

1

Alam na ni Lynette ang dapat niyang asahan. May isang bagay na hindi niya maiwasang maramdaman—ang maging inferior sa tabi ng sariling ina at mga kapatid. Masyado kasi siyang mataba at walang poise kung tumindig. Hindi tuloy siya maipagmalaki ng kanyang mama sa mga kaibigan nito sa alta-sosyedad. Naturingan pa namang napakaganda ni Mrs. Valencia noong kabataan nito. Hindi nito akalaing magkakaroon ito ng anak na tulad niya. At alam niyang pinoproblema siya nito.

Madalas silang magtalo.

“Lynette! Tsokolate na naman ang hawak mo!”

Unang bar pa lang nga iyon, isang chocolate bar na halos kalahating kilo ang bigat!

Hindi siya mapigil sa pagkain kaya binigyan siya ng ultimatum na kapag hindi bumaba ang kanyang timbang ng kahit isang kilo ay wala siyang engrandeng debut party.

Wala ngang naganap na debut dahil magmumukha lang katawa-tawa si Lynette. Tinanggihan itong igawa ng gown ng paboritong couturier ni Mrs. Valencia.

“Masisira ang diskarte ko sa anak mo, Mrs. Valencia,” anang baklang designer. “Baka masira rin ang aking pangalan. Hindi baleng wala akong kitain, huwag lang sabihin ng iba ko pang mga kliyente na ako’y desperada!”

Nang ang nakababatang kapatid ni Lynette ang mag-debut ay nalathala pa sa mga diyaryo ang okasyon. Pati ang gown na isinuot nito ay pinuri ng mga sosyal na kaibigan ni Mrs. Valencia.

“Kasingganda mo si Donna noong kabataan mo, Renata,” puri ni Mrs. Tantoco na isa ring may mata para sa kagandahan. “At napakapino pa niyang kumilos! Talagang nag-pay off ang ginastos mo para sa kanyang edukasyon sa boarding school na ’yon sa Switzerland.”

“Ah, oo naman, Amiga,” masayang tugon ni Mrs. Valencia. “Donna really makes me proud. Kaya naman bawat hilingin niya’y ibinibigay ko.” Pagkuwa’y nalukot ang mukha nito. “Ang problema ko lang talaga ay ang aking panganay na si Lynette! Hindi ko talaga alam kung bakit siya gan’on. Parang isang paraan niya ng pagrerebelde ang kumain nang marami. Ano sa tingin mo, Rebecca? Dapat ko ba siyang dalhin sa isang psychiatrist?”

“No naman, Renata,” tugon ni Mrs. Tantoco.

“Dapat mong ipakita sa anak mo na hindi ka naggi-give up sa kanya at na kailangan mo siyang mapasunod sa iyong kagustuhan.”

“Paano ngang masusunod ang kagustuhan ko para sa kanya, hindi niya ako sinusunod,” aburidong sagot ni Mrs. Valencia. “Sinabi ko na sa kanya na tigilan na ang pagkain nang marami. Bumili na nga ako ng mga non-fat at low-calorie na pagkain pero hindi daw masarap ang mga ’yon. Palihim niyang itinatakas ang kotse para bumili ng pagkain kung saan-saan. Kahit yata saang carinderia’y kumakain siya! Hay naku! Suko na ako. Paano siya magugustuhan ng anak ng Don Alfredo na si Allan? Bigo talaga ako sa aking panganay kaya bumabawi na lang ako kay Donna.”

Hindi lingid kay Lynette ang lahat. Natutuwa pa nga siya dahil pinoproblema siya ng kanyang mama. *Ang hindi alam ni Mama ay mas problema niya ang kanyang mukha kaysa sa amin ng mga anak niya!*

Alam kasi niya ang ugali ng ina. Ito ang tipo ng nagpapalahaw kapag nakakita ng wrinkles sa noo o kaya ay isang hibla ng puting buhok sa ulo. Kaagad itong pupunta sa cosmetologist at dermatologist para gawan ng paraan ang problema. Gagastos talaga ito nang malaki matakpan lang ang edad.

Hanggang sa magreklamo na rin si Mr. Valencia

sa halaga ng nagagastos ng asawa sa pagpapaganda.

“Tama na ’yang gastos mo sa mukha, Renata,” anito. “Hindi mo na talaga maitatago ang kulubot mo!”

Lihim na natutuwa si Lynette kapag kinakalaban ng papa niya ang kanyang mama. *At least, may kakampi ako*, aniya sa sarili.

Pero kasunod ng sermon sa asawa ay si Lynette naman ang hinarap ni Mr. Valencia. “At ikaw, Lynette, bawasan mo rin ang kain. Mukha ka nang balyena!”

Mapapangiwi lang ang dalaga, tuloy pa rin sa pag-nguya ng paboritong chichiria.

Ang pagkikibit-balikat niya sa kanyang weight problem ay dala niya sa bawat okasyon na daluhan. Kahit alam niyang pinagtitinginan siya ng mga kaibigan ng kanilang pamilya ay bale-wala sa kanya basta busog siya.

Kasabay ng paggiling ng pagkain sa kanyang sikmura ay sabay ring gumigiling ang pandinig at isip niya. Tulad nang isang gabi sa kanilang bakuran....

Announcement ng pag-iisang-dibdib ng kapatid ni Lynette na si Donna sa anak ng milyonaryong si

Don Ramon Sobrevilla.

Napangiwi ang dalaga habang nagsasalin ng punch sa kopita. Panlima na niya iyon.

Hmp! lihim niyang sentimyento. Kade-debut pa lang niya ay kasal kaagad ang naisip! Parang hanggang doon na lamang ang buhay; nauuwi sa lahat sa pag-aasawa! Kung ako? Aba! Ako ang maghahanap ng sarili kong kapalaran. Hindi ako papayag na si Mama ang magdikta kung sino ang dapat kong mapangasawa!

May pumayag naman kayang pakasal sa kanya?

Bakit hindi? pagkuwa'y sagot niya sa sariling tanong. Hindi biru-biro ang halaga na mamanahin niya sa kanyang mga magulang. May minana rin siya buhat sa isang ninang niyang namatay na matandang dalaga. Kung tutuusin ay milyones ang halaga niya kaya walang lalaki ang mag-iisip na tanggihan siya kung malalaman nito ang laman ng kanyang bank account.

Sa pagkakatayo ni Lynette sa may mesa ng mga pagkain ay hindi niya maiwasang marinig ang usapan ng ilang kababaihan na kaibigan din ng kanyang mama.

“Naidispatsa na ni Renata ang kanyang si Donna,” anang isa. “But how about the fat daughter?”

Kilala niya kung sino ang nagsalita. Gusto nga sana niya itong batukan o kaya ay batuhin ng mansanas na nasa bunganga ng litson pero nagpigil siya. *Kuu! Kung hindi ka lang amiga ni Mama!*

Tumalilis siya sa likod ng isang malagong halaman upang doon magtago at makinig.

“Hindi mo ba narinig ang sinabi ni Renata kanina?” tanong ng isa pa. “Target ng amiga natin ang anak ni Don Alfredo na si Allan!”

“Masyado naman yatang napataas ang ambisyon ni Renata para kay Lynette,” tugon naman ng isa. “Considering na napakataba ng kanyang panganay at walang ka-poise-poise!”

Wala palang poise, huh! ani Lynette na kumuyom ang kanang kamay at tila susugod upang upakan ng suntok ang nagsabi niyon tungkol sa kanya.

“Pero mga amiga,” sabi ng isa pa, “may second choice daw si Renata.”

“Sino naman?”

“Si Orlando Revilla na lang daw kahit pobrecito, basta may pumayag lang na pakasal sa anak niyang baboy...”

Umugong ang tawanan sa grupo.

Malapit nang mainis ang dalaga, nais nang sumugod at pagpupukpukin ang mga mukha ng mga kaibigan ng kanyang mama ngunit nanaig ang kanyang urbanidad. Lumapit na lamang siya sa mesa upang matigil na ang usapan.

Natigil nga ang diskusyunan tungkol sa kanya nang makita ng mga matrona ang matabang pigura ng anak ng amiga ng mga ito na nagsalin ng juice sa kopita nito.

Tinungga ng dalaga sa isang lagukan ang juice at saka nagsaling muli.

Napanganga na lamang ang mga kaibigan ni Mrs. Valencia. Alam nilang napakataba ng anak na panganay nito ngunit hindi nila inaasahang ganoon ito kamal-edukada para ipagpakitaan sa kanila ang kawalan ng finesse. Para talaga itong patabaing baboy na lumagok sa kopita.

Nang titigan nang masama ni Lynette ang grupong iyon ay isa-isang nagpulasan ang mga ito.

Unang sumagi sa isip niya si Orly Revilla na galing din naman sa isang buena familia ngunit bagsak na ang kabuhayan.

Hindi ako interesado sa nabubulok niyang mansion sa New Manila! maanghang niyang sabi sa

*isip. At lalong hindi ako interesado kay Allan Acosta!
Ang isnaberong 'yon!*

Hindi maganda ang karanasan niya kay Allan Acosta. Hindi niya nagustuhan ang tabas ng dila nito dahil may sinabi itong hindi maganda tungkol sa kanya.

Trese anyos pa lamang noon si Lynette at seventeen naman si Allan nang una silang magkita. Bagaman hindi sila pormal na naipakilala sa isa't isa ay hindi na niya inasam pa ang ma-introduce sa guwapong binata.

“Papa,” sabi noon ni Allan sa ama nito, “huwag mo nang ipagpilitang ipakilala ako sa tabatsoy na 'yon!”

Kitang-kita ni Lynette ang ekspresyon ng mukha ng binata. Miserable ito dahil sa aksidenteng tinamo sa winter vacation nito sa Austria.

Nawalan siya ng gana ng mga ilang araw pagkatapos niyon ngunit nang bumalik ang gana ay hindi na siya nagpreno sa kakakain!

Sa taas na 5'6” ay talagang napakalaki niya sa bigat na one hundred eighty pounds! Napapayatan pa nga siya sa sarili dahil nagsara na ang paborito niyang tindahan na bilihan niya ng imported chocolates.

Lahat ng iyon ay dahil kay Allan Acosta na minsan ay tinawag siyang ‘tabatsoy.’

Nahirati si Lynette sa pakikinig nang palihim sa mga usapan. Mula nang makasal ang kanyang kapatid ay lagi na siyang nakikinig nang lihim sa bawat kausapin ng mama niya. *Baka sarili ko nang kasal ang pinag-uusapan nila*, suspetsa niya.

Lalong lumala ang kanyang suspetsa nang dumalaw si Orly Revilla sa kanila. Resolusyon na lang niya ay huwag pakiharapan nang maayos ang binata.

“Alam mo,” ani Orly, “kapag nagkaroon lang ako ng break ay ipare-repair ko ang aking mansion at doon ititira ang babaeng pakakasalan ko.”

“Ha?” tugon ni Lynette na ngumunguya ng chichiria. “Ano’ng sinabi mo?”

Hanggang minsan ay nahuli niya ang pag-uusap ng kanyang mama at ni Orly....

“Ginawa ko na po’ng lahat,” angal ng binata. “Pero talagang mas interesado pa ho siya sa pagkain kaysa harapin ako’t kausapin. Suko na ho ako.”

“Orly, Orly. Huwag kang magsalita nang ganyan, Hijo....”

“Maski ho kayo ang nasa lugar ko, mas gugustuhin pa ninyo ang kausapin ang isang baka o kalabaw o kahit aso’t pusa dahil at least, titingnan kayo ng mga hayop na ’yon kahit hindi nila naiintindihan ang inyong sinasabi,” patuloy pa ni Orly. “Pero si Lynette, basta nasimulan ang pagkain sa harapan ko’y ni isang tingin, hindi ako tinatapunan.”

“Que horror talaga ang batang ’yan! Hayaan mo’t ako na mismo ang gagawa ng paraan para pakisamahan ka niya nang mabuti.”

“Ano ho sa palagay n’yo ang pinakamabisang paraan para makumbinsi natin siyang pakasal sa akin?”

Matamang nag-isip si Mrs. Valencia, may ideya na naglalaro sa isipan na nagpasingkit sa mga mata nito. “Kidnapin mo! Dalhin mo sa isang malayong lugar; ’yung kayo lang dalawa ang tao....”

Nanlaki ang mga butas ng ilong ni Lynette. Bakit kailangang humantong sa ganoon ang lahat? Parang ibig na niyang mawalan ng respeto sa sariling ina pero hindi niya iyon magawa. Alam niyang kapakanan niya ang iniisip nito; may kakaiba lamang itong paraan ng pagpapatunay ng concern sa kanya.

Aalis na lang ako, pasya niya. Magpapakalayo ako’t

hindi ako babalik hangga't wala akong madadalang asawa sa harapan ni Mama!

Para namang pinagtiyap ng pagkakataon, ang peryodiko kinabukasan ay may kakaibang anunsyo:

WANTED: Personal secretary to a temporarily blind person. Must be willing to travel. Proficient in oral and written English. Apply personally.

Ito na siguro ang sagot sa aking problema, ani Lynette na naningkit ang mga mata. Sana'y sa abroad ang travel na tinutukoy dito. Mas mabuti kung madadala ko ang passport ko para walang masyadong problema kung mangibang-bansa man ang aking magiging amo!

Bigla siyang natigilan. Hindi pa nga pala siya sigurado kung siya ang matatanggap para sa posisyon.

Ipinasya na muna niya ang mag-apply at gawin ang lahat ng makakaya para mapunta sa kanya ang trabaho. *Mas gugustuhin ko na ang maging tagasilbi sa kung sinong bulag kaysa maging asawa ng isang lalaking salapi ko lang ang habol!*

Ang problema lang niya ay kung saan siya

kukuha ng ipiprisintang credentials. Masyadong exclusive ang mga paaralang kanyang pinasukan para maging sekretarya lamang. Paano rin niya babaguhin ang kanyang pangalan? Ilalagay ba niya kung sino ang kanyang mga magulang? Kaninong transcript of records ang gagamitin niya?

Panibagong pag-iisip ang kanyang ginawa. *Kung desidido ako'y makakagawa ako ng paraan!* desperada niyang sabi sa sarili.

Buong umaga ay wala siyang ginawa kundi ang mag-isip. Hindi na nga niya nakuhang kumain. At isa iyong malaking himala!

Nang hindi na niya maatim ang pagkalam ng sikmura ay ipinasya niyang lumabas ng silid upang kumain. Sa kanyang pagbaba ay nasalubong niya ang sekretarya ng kanyang mama na si Emily. Umiiyak ito.

“O, ano’ng problema?” tanong niya habang lumalapit dito. “Napagalitan ka na naman ba ni Mama?”

2

“Hindi lang napagalitan, Lynette,” tugon ng sekretarya. “Tinanggal na niya ako sa trabaho. Hindi ko kasi naipaalala’yung appointment niya sa club kaninang umaga. At saka nakalimutan ko din siyang igawa ng speech....”

Napaupo sa pinakamalapit na silya si Emily dahil hindi na nito makayanan ang panlulumo.

Nalungkot din si Lynette, nahabag sa sekretarya. Si Emily lang kasi ang tumagal sa kanyang mama na napakametikulosa at napakataray. Kung may magagawa lang siya para matulungan itong maibalik sa posisyon ay gagawin niya. Mabait kasi sa kanya ang babae. Kapag wala rin lang itong ginagawa ay tinutulungan siya sa kanyang assignments sa school. Ilang taon na nga si Emily sa kanila? Pitong taon?

Hindi basta-basta ang pitong taon. Paniniwala niya ay hindi dapat itapon nang ganoon na lamang ang panahong iyon nang dahil lamang sa bugso ng galit.

Lumapit siya sa sekretarya at lumuhod sa harapan nito. “Emily, kung kausapin ko si Mama at

maibalik kita sa puwesto mo, matutulungan mo rin ba ako kung sasabihin ko sa iyong mayroon din akong problema?”

Suminghot muna si Emily. “Paano kita matutulungan?”

Sinabi niya ang suliranin tungkol sa kinakailangang credentials para iprisinta sa kanyang papasukang trabaho.

Nanlaki ang mga mata ng kausap. “Pero, Lynette, hindi mo kayang mamasukan! Hindi ka papayagan ng mga magulang mo!”

“Hindi naman natin ipapaalam sa kanila,” malumanay niyang tugon. “At huwag kang mag-alala, hindi ka masasangkot dito. Pangako.”

Matamang nag-isip si Emily. Hindi niya kayang tanggihan si Lynette sa hinihiling nito. Sa buong pamilya ng mga Valencia, ito lamang ang malapit sa kanyang puso dahil iba ang ugali nito sa karaniwang anak-mayaman. Mapagkumbaba ito, hindi katulad ng mga kapatid nitong si Donna at ang bunsong lalaki na si Archie. Kaibigan ang trato nito sa kanya; parang isang nakatatandang kapatid. Napaka-generous din nito. Hindi lilipas ang isang linggo na wala itong sorpresang regalo sa kanya.

Ang dahilan? Wala kasing mapagbigyan ng regalo si Lynette kaya siya na lamang ang pinagtutuunan nito ng kabaitan. Sabik ito sa pagmamahal at sabik din na magmahal. Marami na ring beses na ipinagtanggol siya nito kay Mrs. Valencia. Kung sina Donna at Archie rin lang naman, imbis na ipagtanggol siya ay aayunan pa ang ina sa pagpapatalik sa kanya. At ngayong si Lynette naman ang nangangailangan ng tulong, kahit pa illegal na mga papeles ang kailangan nito ay handa siyang tumulong.

“Sige,” desisyon ni Emily, “kahit hindi ako mabalik sa posisyon ko, tutulungan kita dahil mabait ka sa akin. Tunay kang tao.”

Lumiwanag ang mukha ni Lynette.

Noon lang napagtanto ni Emily na maganda ang panganay na anak ni Mrs. Valencia sa kabila ng katabaan nito. Kung naging slim lang sana ito ay malamang na marami itong manliligaw. Ngunit alam niya ang ugali nito. Mas gugustuhin pa nitong huwag mapansin ng kung sinong lalaki. Alam din niya ang pangarap nito—isang simpleng pamumuhay na kasama ang minamahal.

Marahil ay tunay na pag-ibig ang makaka-pagpabago sa kanya, naisip ni Emily; isang lalaking may mataas na paninindigan at alam ang gusto sa

buhay.

“O, diyan ka muna’t kakausapin ko si Mama,” ani Lynette. “Nasa opisina siya, ano?”

Kaagad na tumalikod ang dalaga upang tumungo sa opisina ng kanyang mama. Walang katuk-katok na pumasok siya roon.

“Mama, I saw Emily crying outside,” bungad niya. “You fired her again, didn’t you?”

“At bakit? Wala ba akong karapatang sisantehin siya?”

Malamig ang tono ni Mrs. Valencia. Senyales iyon na nag-iisip na ito kung bakit nito tinanggal sa trabaho ang pinaka-efficient na sekretarya. Iyon ang hinihintay na break ni Lynette.

“Alam mo, Mama,” simula niya, “wala ka nang makikitang sekretarya na katulad ni Emily. Isipin mo, mauubos na naman ang panahon mo kung magpaanunsyo ka sa classified ads o kaya’y kukuha ng serbisyo ng isang ahensya. Tandaan mo kung ano ang nangyari noong minsang paalisin mo si Emily; sa bandang huli’y ipinatawag mo pa rin siya. At saka, bakit mo siya paaalisin ngayong napaka-hectic ng schedule mo?”

Lumakad siya palapit sa isang cabinet ng mga kristal. Ayaw niyang harapin ang ina sa mesa nito. Iyon ang estilo niya para makumbinsi ito; iyong mukha siyang hindi seryoso; iyong mukha siyang hindi nakikiusap kundi nangungumbinsi. Alam niya, sa hindi pagtugon kaagad ng kanyang ina ay talagang nag-iisip ito.

Sinundan pa niya ang panghihikayat. Kahit mataray ang ina niya ay may ugali itong madaling maulukan. “And you know what, Mama? Mas mabuti pa ngang hindi naipaalala sa ’yo ni Emily ’yung appointment mo sa *Ladies’ Club* dahil madalas kang pag-usapan ng mga iyon nang talikuran.”

“At ano naman ang sinasabi nila?” mainit na tugon ni Mrs. Valencia.

“Kilala mo ako, Mama. Mahilig akong makinig nang palihim sa mga sinasabi ng mga kaibigan mo,” nakangiti niyang tugon. “Ang kakayahan kong iyon ay malaki ang silbi kay Papa dahil tips sa stock market ang inalam ko para sa kanya. At para sa iyo’y kung sino ang tapat mong kaibigan.”

“Ang mga... Kuu, makikita nila!” Alam na kaagad ni Mrs. Valencia kung ano ang sasabihin ng anak tungkol sa mga kasamahan nito sa club. Matagal na nitong alam na laban sa kanya ang mga ito. “Este...

Lynette, ano sa palagay mo, nagkamali ba ako sa pagtanggap kay Emily?”

Iyon ang hinihintay ng dalaga. “Of course not, Mama,” mahinahong tugon niya na lumakad pabalik sa harap ng mesa nito. “Naging mainit lang ang ulo mo dahil sa nawalan ka ng opportunity na masabi ang iyong ideya para sa ikauunlad ng iyong club.” Kasunod niyon ay pinuri niya nang pinuri ang ina.

“Okay, tawagin mo siya,” sa wakas ay sabi nito.

“Sino, Mama?” pagmaang-maangan niya.

“Si Emily, sino pa?”

“Talaga, Mama? I know you have a lot of sense in that beautiful head of yours!”

Napapailing si Mrs. Valencia nang tumalilis palabas ang kanyang panganay na anak. Iyon ang konsuwelo niya kay Lynette, magaling itong manghikayat. Kahit madalas silang hindi magkasundo, kapag nagkasundo naman ay talagang nakakataba ng puso ang mga papuri nito sa kanya. Iyon ay madalas niyang maranasan kapag may ipinapakiusap itong tauhan nila. Minsan ay nais niyang maawa sa anak dahil sobra ang kabaitan nito sa tao. Baka abusuhin ito pagdating ng araw. Hindi dapat pakakasiguro ang isang matalinong babae na katulad ni Lynette.

Kung Kailan Mahal Na Kita - Audrey Torres

Iyon ang dahilan kung bakit madalas silang hindi magkasundo ng kanyang panganay na anak; pareho kasi silang matalino.

Hindi pa nagtatagal sa loob ng opisina ni Mrs. Valencia si Emily ay naibalik na ito kaagad sa puwesto.

Kinabukasan mismo ay mayroon nang mga papeles si Lynette para iprisinta sa balak niyang pag-apply-an na trabaho.

3

Isang condo unit sa *Casa Trasierra* ang lugar o opisina na pag-a-apply-an ni Lynette. Dalangin niya ay wala pang nakuhang tao para sa posisyon na inilathala sa diyaryo.

Bigla na lang siyang nanlumo nang pagbuksan siya ng pinto ng isang tila mayordomo. Napakarami ng nag-a-apply para sa posisyon! Pakiwari niya ay napakaliit ng kanyang chance na matanggap.

“Mag-a-apply ka rin ba, Miss?” tanong ng mayordomong naka-barong.

Tumango siya.

“Maupo ka muna’t hintayin ang pagkakataon mong ma-interview.”

Kaagad na tumalima si Lynette para umupo sa pinakasulok ng silid. Hindi iyon opisina; iyon ay residence mismo ng taong nangangailangan ng sekretarya.

Lumaon ang ilang oras. Halos sasandali lang ang bawat aplikante sa loob ng opisina at bawat lumalabas ay hindi mukhang masaya.

Mukha pa namang matatalino ang mga iyon, nasaisip ni Lynette. At malamang na mas may experience sila kaysa sa akin. Baka sobrang pihikan ang nag-i-interview.

Habang nalalapit ang kanyang turn ay kinakabahan na ang dalaga; napapahigpit ang pagkakahawak niya sa portfolio ng pekeng credentials. Ang mga iyon ay kinuha ni Emily sa tiyahin nito na may anak na patay na at tapos din ng kursong Secretarial. Victoria Santos ang kanyang magiging pangalan sakali mang matanggap siya sa posisyon.

Mayamaya pa ay siya na ang pinapasok sa loob upang ma-interview.

Isang middle-aged na babae ang naroroon upang i-assist siya.

“Maupo ka, Miss. I’m Leticia Sobrepeña. Ako ang tiyahin ng magiging amo mo kung saka-sakali,” pagpapakilala nito sa sarili. “Puwede bang makita ang iyong credentials?”

Iniabot ni Lynette ang kanyang portfolio. Kaagad namang nirebisa ng babae ang mga iyon. “Hmm.... Wala ka pang masyadong experience kundi ang iyong on-the-job training. Pero okay lang dahil hindi naman masyadong kailangan ang secretarial work

para sa aking pamangkin. Mas kailangan niya ang makakausap—isang matalinong kausap.”

“Eh, matanong ko po kayo, kung hindi po ninyo mamasamain,” simula niya. “Ano po ba ang dahilan ng pagkabulag pansamantala ni—”

“Naaksidente siya nang sumali sa isang karera ng mga speed boat sa San Francisco. Masyadong adventurous ang aking pamangkin at accident-prone din,” tugon ni Tia Leticia. “Bibigyan muna kita ng isang simpleng test,” pagkuwa’y sabi nito. “Babasahin mo lang naman ang editorial ng *Manila Inquirer* sa araw na ito.”

Iniabot nito ang pahayagan at hinayaan si Lynette ang maghanap kung saang pahina naroroon ang editorial.

Hindi na kailangan pang isa-isahin ng dalaga ang mga pahina. Kumapa lang siya sa gilid ng papel at pagbuklat ay iyon na ang editorial page. Iyon kasi ang madalas niyang basahin sa diyaryo tuwing umaga.

Nang binabasa na niya ang editorial ay wala siyang kaba. Hindi siya ang tipo na nahihiya nang may nakikinig sa kanyang binabasa. Hindi niya alam kung bakit ganoon ang test na ibinigay sa kanya. Marahil ay nais malaman ng tiyahin ng magiging

boss niya kung ano ang kalidad ng boses ng bawat aplikante.

Kung boses din lang ang pag-uusapan ay iyon ang kanyang pinakamagandang asset. Sa kabila ng kalakihan ng pangangatawan niya ay napakamusical ng kanyang tinig. May kaartehan din siyang taglay kapag bumabasa o nagsasalita. Kung ano ang emosyon na dapat taglayin ng kanyang tinig ay iyon ang tone niya.

Pagkatapos niyang basahin ang editorial ay ibinalik niya sa dating pagkakatupi ang pahayagan at iniabot muli iyon sa babae.

Isang aklat naman ang ibinigay nito sa kanya na nakabukas na sa pahinang dapat niyang basahin. Iyon ay isang maliit na aklat na nabasa na rin niya.

“Ah, sandali lang, Miss Santos,” paalam nito pagkatapos niyang magbasa at nilisan muna ang silid. Nang bumalik ito ay may katanungan itong hatid.

“Ipinatatanong ni Arthur, ang aking pamangkin, kung sino ang paborito mong poet.”

“Si Robert Frost ho,” tugon ni Lynette.

Isang boses mula sa intercom ang kanilang narinig. “Tia, itanong mo rin kung ano ang paborito

niyang tula.”

Tumingin lamang ang babae sa kanya.

“Paborito ko po ang *Choose Something Like A Star* ni Robert Frost,” sagot niya, “dahil ito po ay may tono ng pakikiusap para lalong magkaunawaan ang bawat nilalang kahit na ang isa ay napakataas at ang isa ay napakababa.”

Muling lumabas ng silid ang babae. Pagbalik nito ay akay na ang bulag na si Arthur.

“Magaling kang bumasa, Miss Santos,” sabi ng lalaki. “Ikaw ang tao na may uri ng boses na nakakaaliw.”

“Thank you, Sir.”

Inalalayan ni Tia Leticia paupo sa harap ng office table si Arthur at saka ito naupo.

Noon natitigang mabuti ni Lynette ang hitsura ng mukha ng lalaki na nababalutan pa ng benda. Tanging ang noo at panga lamang nito ang visible. Ngunit sa kakaunti niyang nakikita ay nakagawa na siya ng kuru-kuro.

Elegante ang noo ng lalaki dahil mataas iyon. Ang panga nito ay masculine. Maputla kung tutuusin ang mga labi nito ngunit napakaganda ng hugis. Hindi

masyadong manipis dahil ang manipis na labi ay kadalasang may kaakibat na malupit na pag-uugali. Ang mga labing iyon ay katamtaman; hindi manipis at hindi rin makapal. ‘Generous’ ang salitang banyaga na naisip ni Lynette. Ang mga labi ay maaaring paghumahan ng isang tao ng character. Ang upward tilt ng mga labi ng lalaki ay nagpapatunay na ito ay somebody who lives life to the fullest.

Hindi malayong may hitsura ang lalaki, naisip niya.

“O, may naisip ka na ba kung ano ang hitsura ko kung wala ang mga buwisit na bendang ito?”

Malalim ang kalidad ng boses nito. Isang uri ng boses-lalaki na nakakaengganyong pakinggan.

“Mayroon man po akong naisip ay sa akin na lamang po pansamantala dahil hindi pa po ngayon ang tamang panahon para mapatunayang tama ang aking supposition. Ipagpaumanhin po ninyo.”

Noon nalaman ni Lynette na silang dalawa na lang pala ang nasa silid. Iniwan na sila ng tiya ni Arthur.

“Siguro naman, dahil sa narinig ko at napatunayang mayroon kang tinatawag na sixth sense... na alam mo na, without so many explanations....”

“Na kailangan ninyo ng tagabasa, higit sa tagasulat dahil ang mga mata ninyo ang may problema, hindi po ba?” dugtong niya.

“Masyado kang sensitive, Miss Santos,” pakli nito. “Takot ako sa mga ganyang uri ng tao na halos nababasa na ang isipan ko. Ngunit mabuti na ’yon kaysa sa mga naunang aplikante na tila walang gagawin kung hindi mo sasabihan ng mga dapat gawin. Sa lahat ng ayaw ko’y ang taong robot.”

“Eh, tinatanggap na po ba ninyo ako bilang personal secretary, Sir?” nahihiya niyang tanong.

Napangiti si Arthur. *Matalas at prangka ang isang ito.* “Sige, puwede ka nang mag-umpisa bukas.”

Bumukas ang pinto at pumasok muli ang tiya ng lalaki.

“Tia Leticia, nais ko na pong magpahinga.”

Nakapag-adjust na si Arthur sa pagiging bulag kaya alam nito kung sinu-sino sa mga kasamahan ang papalapit dito. Kabisado na rin nito pati ang mga yabag ng taong paparating.

“Kababangon mo pa lang, Arthur.”

“Ano naman ang nais mong gawin ko, Tia Leticia? Makipagkarerahan sa mga kaibigan ko

gaya ng ginagawa ko bago nasadlak sa madilim na impiyernong ito? Sino ba naman ang matutuwa sa mga applicant na ipinarada mo sa pandinig ko? Akala mo'y grade two ang tinapos!”

Hindi naiwasan ni Lynette ang humagikgik dahil nakakatawa ang pagkakasabi niyon ni Arthur kahit na halatang galit ito.

“Sige, tumawa ka lang,” biglang sabi nito. “Mabuti naman at may naa-amuse pa sa akin. Kahit papaano pala’y kaya kong maging komikero. Bakit hindi? Kapag namulubi ako o wala nang mapasukang trabaho ay magkokomedyante na lamang ako!”

Natahimik siya.

“Nakahanda ka bang magpalipat-lipat ng lugar?” usisa ni Tia Leticia nang wala na sa silid ang pamangkin.

“Opo,” tugon ni Lynette.

“This is a stay-in job, Miss Santos, at single ka pa,” dugtong nito. “Hindi ka ba mami-miss sa inyo?”

“Ulilang lubos na po ako at kailangan ni Tita Emily ang suporta ko sa pagpapadala ng pera sa probinsya,” alibi niya. “May hinuhulugan po kaming

lupa doon.”

“Pero bakit isang temporary na trabaho lang itong papasukin mo?”

“Hindi po kasi ako matanggap sa malalaking kompanya,” sagot niya. “Kung makakakuha ako ng experience dito at pagbubutihin ko ang aking trabaho’y makakahingi po ba ako ng reference sa inyo?”

Tumangu-tango lang ang nakatatandang babae. Sa tingin nito ay hindi mukhang galing sa kung saang probinsya ang dalaga pero pinili nito ang manahimik.

“Maganda sana siya kung hindi lang mataba,” sabi ni Tia Leticia sa pamangkin nang magkasarilinan sila.

“Siya na lang ang kunin mo, Tia,” sabi ni Arthur. “Gusto ko ang quality ng boses niya at mukhang matalino. Wala naman sa qualifications na hinahanap ko ang pagiging sexy kaya okay lang kung mataba siya.”

Hindi naging mahirap para kay Lynette ang tumiyempo ng pag-alis sa kanilang bahay dahil nang

gabing iyon ay dumalo sa isang party ang kanyang mga magulang kasama ang kapatid na si Archie. Hindi naman siya kayang pigilan ng mga katulong sa bahay.

Ang maleta niya ay naglalalaman lamang ng ilang pirasong damit. Pagkakasyahin na lang niya ang sarili sa kakaunti dahil iyon naman ang nais niyang masubukang buhay—ang kakaunti lang ang pangangailangan. Ang tanging armas niya sa pag-alis ay ang kanyang tapang at talino.

Iniwanan niya rin ng kaunting pera ang kanyang personal maid dahil malamang ay mawalan na ito ng trabaho dahil wala na siya roon.

Ang hindi niya mabigyan ng kaunting pabuya ay si Emily na tumulong sa kanya dahil baka masangkot pa ito sa kanyang pagkawala. Gagawa na lang siya ng paraan na mapadalhan ito ng kahit magkano. Naipangako nga niya sa sarili na ang kanyang una at pangalawang suweldo ay ibibigay niya sa sekretarya ng ina.

Ang ATM card na lamang niya ang makakapagsalba sa kanya kung mayroon man siyang kakailanganing bilhin. Nagdala rin siya ng kaunting alahas para kung sakali mang maubusan ang kanyang bank account ay mayroon siyang maisasanla o maibebenta.

Excited siya sa kanyang panibagong buhay; iyon ay isang adventure na matagal na niyang hinahanap. Nagbigay iyon ng kakaibang sigla sa kanyang isipan at hindi na nga niya maisip ang kumain.

Sa loob ng isang linggong preparasyon ay nabawasan ang kanyang timbang ng halos isang kilo.

Gumawa siya ng sulat para sa mga magulang. Wala siyang masyadong ipinaliwanag. Nakiusap lang siya na huwag mag-alala ang mga ito at huwag siyang tangkaing hanapin. Sinabi niya na may trabaho na siya at kaya nang buhayin ang sarili.